
タガログ語 / TAGALOG

# **Anong gagawin** kung hindi marinig ang **Broadcast radio**



~Kolekta ng Iba't-ibang impormasyon~

Sa oras ng emerhensya,ang broadcast radio ay gumaganap na isang aktibong paraan sa paghatid ng impormasyon sa mga taong nasa labas. Inilagay ito sa 200 sulok ng Yaizu city,subalit maaaring mahirap itong marinig kapag nasa loob ng bahay o depende sa lugar at direksyon ng hangin. Magkaroon ng kamalayan sa iba't ibang paraan ng pangangalap ng impormasyon sa karaniwang araw upang mapabilis ang pagkuha ng impormasyon at matiyak ang kaligtasan kung sakaling magkaroon ng sakuna.

## ◆Yaizu city website (Multilinggwal)



Maaaring tingnan ang nilalaman ng broadcast radio sa iba't-ibang wika. Kapag i-scan natin ang barcode sa kanan, makikita natin ang talaan ng detalyeng ibabalita. Dahil awtomatikong sinasalin ito,sana'y maintindihan niyo na maaaring hindi 100% itong wasto.

Yaizu city Website

## ◆Yaizu Disaster Prevention E-mail



Yaizu Bosai E-mail
Padadalhan ng blank mail ▶

Maaaring tumanggap ng e-mail ukol sa detalye ng ibabalita sa broadcast radio, impormasyon sa lindol･tsunami,impormasyon sa panahon,impormasyon sa sunog at iba pa. Mayroon din impormasyon sa wikang Ingles at Portuges.
I-scan ang barcode sa kanang-itaas,magpadala ng blank e-mail at magrehistro.

## ◆Yaizu Official LINE

Kabilang ang samut-saring impormasyon ng Yaizu city, Impormasyon ng prebensyon sa sakuna,Detalye ng broadcast at iba pa ay maaaring makatanggap ng kaparehong talaan ng YAIZU BOSAI MAIL.
I-scan ang code sa kanang itaas,magrehistro at gawin kaibigan ang YAIZU city sa LINE.

▲Yaizu city
LINE account

## ◆d button ng Telebisyon



Sa pagkakataon na magkaroon ng emerhensyang pagbalita kasabay ng sirena, sa pamamagitan ng data broadcast sa telebisyon ay maaaring makumpirma ang lokal na impormasyon kabilang ang impormasyon sa sakuna.

【Matatawagan】Seksyon ng Prebensyon sa Sakuna sa Lokalidad ng Yaizu city(Yaizu-shi Chiiki Bosai-ka)
TELEPONO: 054-623-2554　　E-MAIL: tiikibousai@city.yaizu.lg.jp